

13. Sinabi Ni Hesus Sa Kanyang Mga Kabiyak Ng Puso (Brides)...Ngayon o Hindi Na...

Ika 13 ng Disyembre 2014...Mensahe Mula Kay Hesus sa Pamamagitan Ni Sister Clare...

“ Nasaan ang inyong katapatan mga Kapuso?”

“ Gusto nyo bang pumunta sa silid dalanginan at aliwin Ako, o katulad din kayo ng ibang namimili, nagtitinda, nagdiriwang, pag dumating ang dilubyo. Nasaan kayo? Nasa Arko ba at ligtas o nasa pagkahumaling sa mundo?”

“ Nasaan ang inyong katapatan, nasa Akin ba, sa sarili ninyo, sa mundo o kay Satanas? Nasaan ang mga bagay na mahalaga sa inyo? Nasa bangko? Nasa inyong pamilya? Kaibigan? Sa Akin? Nasaan ang inyong katapatan mga Kapuso? Nasaan kayo kapag ang malaking pagbaha ay biglang dumapo sa inyo?”

“ Nananawagan Ako sa inyo na gawin ang desisyon na iyan. Nananawagan Ako sa Aking mga Kapuso ng may luha, halikayo, sumama Kayo sa Akin sa Arko ng Aking pagmamahal, doon makikita ninyo Akong nagdurusa at doon makikita ninyo ang Aking proteksyon. Oo Ako ay nagdurusa at patuloy na magdurusa hanggang mawala ang kasamaan.”

“ Oo nananangis Ako sa Aking mga Kapuso na nasa mga pamilihan at ibinebenta ang kanyang sarili minsan pa, tinatalikdan Ako para sa ningning ng mundo.”

“ Ito ay simpleng mensahe lamang, walang komplikado dito, kailangan Ko sya, kailangan ko ang pagmamahal niya, na makita Ko ang kanyang kayumian sa paningin Ko, ang kanyang maamong tinig na nagpapatulog sa Akin at panandaliang nawawala ang paningin Ko sa mga nakikita at naririnig Kong kaguluhan araw-araw.”

“ Pakiusap mga Kapuso, talikdan ninyo ang mga gawain ng mundo sa panahong ito at lumapit Kayo sa Akin, sa Arko ng Aking pag-ibig, gamutin ninyo ang Aking mga sugat, tulongan ninyo Akong malimutan ang mga nanlamig na at tumalikod na at wala ng pakialam sa Aking kalagayan...”

“ Hindi lang ninyo alam na ang isang sulyap sa Akin ng Aking Kapuso ay napakahalaga sa Akin. Isipin ninyo na sa isang pagtitipon, kayo ay nagdiriwang sa kaarawan ng Hari. Lahat ay pinapang aya ang kanilang kagandahan sa sayawan para mapansin ng lahat. Lahat ay abala sa susunod nilang biktima, ang larong walang katapusan, kapangyarihan, posisyon, kayamanan at pagtanyag.”

“ At kapagdaka, ang kasiyahan lahat ay napatingin sa pinto, at pumasok ang Hari, nababasa ang mga nasa isip nila. Nabalisa sila sa pagdating Nya habang nagkakasiyahan. Libang na libang sila, at ang matigilan sa pagsasaya ay sadyang nakayayamot. At nandoon Sya may magandang kasuotan. Ang kagitingan ng buong mundo, habang minamasdan Nya ang nagtitipon, lingid sa kanila, nababasa Nya ang mga nararamdaman at iniisip nila”.

“ Sa isang tabi, nakaupo ang isang mahalimuyak na bulaklak. Hindi sya interesado sa karangyaan, ang mga larong hulihan. Namamangha lamang sya sa kakisigan ng Hari at wala ng iba. Bighani sa ganda ng kanyang kaluluwa at sa pagiging iba niya sa kanila, lumapit Sya sa kanya at binuhat sya sa Kanyang braso at sinabi, ‘ Nasumpungan Ko na ang karapat dapat na maging Reyna Ko.”

“ Nabigla ang karamihan, napatulala sila, nakakabinging katahimikan, siya ay hindi kilala! Tingnan ang kanyang di kaaya-ayang kasuotan at hindi din kilala ang kanyang pamilya.”

“ Habang pinagmamasdan Ko kayo Aking mga Kapuso, ano ang nakikita Ko? Ano ang nasa isip ninyo, sa puso ninyo? Naiinip ba kayo sa Akin dahil ang haba ng listahan ninyo ng ipamimili at gumagabi na...hindi na kayo makapaghihintay makapunta sa pamilihan?”

“ O magiging emosyonal kayo dahil nasa harap na ninyo ang inyong Hari? Ito ang Kapusong hinahanap Ko, siya ay nagmamahal sa Akin, hindi sya interesado sa pamimili, dito lang sa Aking tabi. Mas gusto nya pang uminom sa mapait Kong kapa kaysa kumain ng masarap kasama ang kanyang mga kaibigan. Nandito Ako nalulukuban ng matinding kalungkutan sa lagay ng inyong mundo...oo sinasabi Ko mundo ninyo dahil wala syang pagkakawangis sa Aking mundo.”

“ Nalulungkot Ako sa anumang maaaring biglaang dumating na walang makakaligtas. Hinahanap Ko ang mga Kapuso, nagpunta Ako sa pamilihan, sa mga kainan, kasiyahan, at nakita Ko siyang nakikipag-ulayaw sa ibang kalalalahanan, nakikipag-ugnayan sa mahahalay na pag-uugali, na nagmula kay Satanas. Ngayon pagod Akong nananawagan, naghahanap, nagmamakaawa, pagod na pagod na Ako. Kung magbabalik kayo gawin na ninyo agad. Wala ng panahon pang natitira sa inyo, ngayon o hindi na mga Kapuso. Ngayon o hindi na.”